PATNUBAY SA AVIAN INFLUENZA PARA SA MGA MANGGAGAWA SA DAIRY

Ano ang Avian Influenza (H5N1)?

Ang H5N1 ay isang virus na puwedeng magdulot ng sakit na kilala bilang avian influenza o “bird flu.” Bagaman bihira, puwedeng magkasakit ang mga tao ng bird flu kapag nadikit sila sa ibon o hayop na mayroon nito, sa mga likido mula sa kanilang katawan, dumi, o sa kanilang mga kapaligiran.

Paano Mapoprotektahan ng mga Manggagawa sa Dairy ang Kanilang mga Sarili:

1. Magsuot ng pamprotektang damit kapag nagtatrabaho nang may mga ibong maysakit o patay na o sa kanilang mga kapaligiran. Dapat ibigay ng inyong employer ang kagamitang ito.



2. Hugasan ang inyong mga kamay buong araw, pagkatapos tanggalin ang pamprotektang damit, at bago kumain o uminom.

3. Ang hindi pa naprosesong gatas at mga produktong may hindi pa naprosesong gatas ay maaaring maglaman ng mga mapaminsalang bakterya o virus, kabilang na rito ang H5N1 virus, at ang pagkonsumo ng hindi pa naprosesong gatas ay may hatid na panganib na mahawahan ng sakit. Natatanggal ang mga mikrobyong ito sa pamamagitan ng pasterisasyon.

Puwedeng kasama sa mga sintomas ng Avian Influenza sa mga tao ang:

- Lagnat o panginginig
- Pananakit ng lalamunan
- Problema sa paghinga
- Pagluluha, pamumula, o iritasyon sa mata
- Pananakit ng ulo
- Pananakit ng kalamnan o katawan
- Pagtatae
- Ubo
- Sipon o baradong ilong
- Pagsusuka

Ang dapat gawin kung nalantad kayo o masama ang inyong pakiramdam:

- Kung madidikit kayo sa mga ibon o hayop na nahawahan ng H5N1 virus o sa kanilang mga kapaligiran, dapat ninyong subaybayan ang inyong sarili kung magkakaroon kayo ng mga sintomas pagkatapos magkaroon ng kontak at sa loob ng 10 araw mula noong huling nagkaroon ng kontak.
- Kung magsimulang sumama ang inyong pakiramdam at may mga sintomas kayo ng bird flu, dapat ninyong i-isolate ang inyong sarili sa ibang mga tao at makipag-ugnayan kaagad sa inyong lokal na kagawaran ng kalusugan (i-scan ang QR code upang alamin pa ang tungkol dito), o tumawag sa 206-418-5500.

I-scan upang mahanap ang inyong lokal na hurisdiksiyon sa kalusugan

Iba pang impormasyon:

Para sa mga tanong tungkol sa bird flu o kung paano magpasuri:

- Tumawag sa Washington State Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington) sa 1-800-525-0127 o bisitahin ang doh.wa.gov/avian-influenza

Para sa mga tanong tungkol sa mga maysakit o patay nang hayop sa bukid:

- Para sa mga tanong tungkol sa mga maysakit o patay nang hayop sa bukid.

WSDA

Washington State Department of HEALTH

420-596, April 2025 Tagalog. Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa doh.information@doh.wa.gov.

MGA MAPAGKUKUNAN NG TULONG SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP

Makakuha ng Suporta

Puwedeng magsanhi ng stress ang mga emergency sa kalusugan ng hayop. Kung may mapansin kayong mga pagbabago sa inyong mga emosyon, ugali, o kakayahang kognitibo, o kung mapansin ninyo na mas nahihirapan na kayong alagaan ang inyong sarili, inyong pamilya, o inyong mga hayop, pag-isipang lumapit kaagad sa isang kaibigan, pari, o tagapagbigay ng serbisyong medikal. **Kung posibleng may hatid na banta sa buhay ang sitwasyon, humingi kaagad ng tulong na pang-emergency sa pamamagitan ng pag-dial sa 9-1-1.**

Kung may dinaranas kayong mga sintomas ng depresyon, kung napapaisip kayong magpatiwakal, o kung kailangan lang ninyo ng makakausap, tumawag, mag-text o mag-chat sa 988 upang makipag-ugnayan sa 988 Suicide & Crisis Lifeline. Ang 988 Lifeline ay kumpidensiyal, libre, at maaaring gamitin nang 24/7/365.

Iba Pang Mapagkukunan ng Tulong

Farm Aid

Iniuugnay ng Farm Aid ang mga magsasaka sa mga kapaki-pakinabang na serbisyo at mapagkukunan ng tulong. Magsagot ng form para sa Online na Paghiling ng Tulong (QR code). Upang humingi ng tulong, tawagan ang Farmer Hotline mula Lunes-Biyernes nang 9 a.m. hanggang 10 p.m. Eastern time: 1-800-FARM-AID (1-800-327-6243) o mag-email sa farmhelp@farmaid.org.

Western Regional Agricultural Stress Assistance Program (WRASAP)

Ang Western Regional Agricultural Stress Assistance Program (WRASAP, Programa ng Tulong sa Stress sa Agrikultura sa Kanlurang Rehiyon) ay isang grupo ng mga organisasyon at miyembro ng komunidad sa buong Kanlurang rehiyon na nagbibigay ng suporta, mga mapagkukunan ng tulong at pagkakataon sa pagpopondo sa mga komunidad na pang-agrikultura kabilang na rito ang mga magsasaka, rantsero, magbubukid, at ang kanilang mga pamilya. Upang makipag-ugnayan sa mga serbisyo ng WRASAP sa inyong lugar, magsagot ng form sa pakikipag-ugnayan (QR code).

KOMPENSASYON AT MAY BAYAD NA PAGLIBAN DAHIL SA PAGKAKASAKIT NG MGA MANGGAGAWA

Maaaring karapat-dapat makatanggap ang mga empleyado ng mga benepisyo ng kompensasyon sa manggagawa para sa pagpapasuri at paggagamot kung nagresulta sa pagkalantad sa bird flu ang ginagawa nilang may kinalaman sa trabaho. Maaari din silang maging karapat-dapat upang bawiin ang nawala nilang panahon kung hindi sila makapapasok sa kanilang regular na trabaho nang mahigit tatlong araw dahil sa kondisyong may kinalaman sa trabaho. Ang mga manggagawang naniniwalang nagkaroon sila ng bird flu dahil sa ginagawa nilang may kinalaman sa trabaho ay puwedeng maghabol ng kompensasyon para sa mga manggagawa na isasaalang-alang ng Department of Labor & Industries (Kagawaran ng Paggawa at mga Industriya). Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa 800-547-8367 (en español 360-902-5800) o bisitahin ang LNI.wa.gov/BirdFlu.

Bukod pa sa mga benepisyo ng kompensasyon sa mga manggagawa, ang mga employer sa Washington State (Estado ng Washington) ay dapat ding magbigay sa mga empleyado ng may bayad na pagliban dahil sa pagkakasakit. Puwedeng gumamit ang mga manggagawa ng mga nakuha nilang may bayad na pagliban dahil sa pagkakasakit upang masaklaw ang panahong nawala sa kanila para sa pagpapasuri, paggagamot, pangangalagang medikal bilang pang-iwas sa sakit, at pagpapagaling sa bird flu.

Maiikling Kaalaman Tungkol sa 988 Suicide & Crisis Lifeline

Paghiling ng Tulong sa Farm Aid

Form sa Pakikipag-ugnayan sa WRASAP

Impormasyon sa Batas para sa May Bayad na Pagliban Dahil sa Pagkakasakit

WSDA

Washington State Department of HEALTH

DOH 420-596, April 2025 Tagalog. Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa doh.information@doh.wa.gov.